

**County ng Santa Clara**  
**Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan**

Health Officer  
976 Lenzen Avenue, 2<sup>nd</sup> Floor  
San José, CA 95126  
408.792.3798



**KAUTUSAN NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN NG COUNTY NG SANTA CLARA NA NAGTATANGGAL NG MAYO 18, 2021 NA KAUTUSAN SA PANGKALUSUGAN DAHIL SA LAGANAP NA PAGBABAKUNA SA KOMUNIDAD**

**PETSA NG KAUTUSAN: Hunyo 21, 2021**

SA ILALIM NG AWTORIDAD NG KODIGO NG KALUSUGAN AT KALIGTASAN NG CALIFORNIA SEKSYONG 101040, 101085, 120175 AT KODIGONG ORDINANSA NG SANTA CLARA COUNTY SEKSYON A18-33, INIUOTOS NG OPISYAL NG PANGKALUSUGAN ("OPISYAL NG PANGKALUSUGAN") NG COUNTY NG SANTA CLARA:

1. **Background.** Ang Kautusang ito ay ginawa dahil sa mga bumababang kaso at laganap na pagbabakuna sa komunidad laban sa COVID-19, kabilang ang impormasyon na lampas 80 porsyento ng mga residente ng Santa Clara County ("County") edad na 12 at pataas ay nakatanggap ng unang dosis ng naaprubahan ng pederal na bakuna sa COVID-19 at lampas 71 porsyento ng mga residente ng County ay ganap na nabakunahan, at batay sa kasalukuyang pinakamahusay na magagamit na impormasyon na nagpapakita ng pagiging epektibo ng pagbabakuna sa pagpigil ng COVID-19. Sa kaganapan na ang mga sitwasyon hinggil sa COVID-19 ay magbago, ang Opisyal ng Pangkalusugan ay magpapasya kung kailangan pa ang karagdagang aksyon. Sa kalinawan, ang COVID-19 na pandemya at lokal na emerhensiya sa kalusugan ay nagpapatuloy, at ang lahat ng tao ay hinihikayat na magpatuloy sa pagsunod sa lahat ng mga rekomendasyon ng U.S. Centers for Disease Control and Prevention, Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California, at Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng County.
2. **Pagtanggal ng Mayo 18, 2021 na Kautusan sa Pangkalusugan.** Ang Mayo 18, 2021 na Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ay kinansela, maliban sa mga sumusunod:
  - a. Ang mga kinakailangan ng Seksyon 1, 2, 3, 4, 6, 9(c), at 10 ng Mayo 18, 2021 na Kautusan ay nananatiling ipinapatupad at may bisa sa anumang negosyo o entidad ng gobyerno (tulad ng tinukoy sa Mayo 18, 2021 na Kautusan) na hindi pa nakakumpleto ng dalawang round ng pagtukoy ng katayuan ng pagbabakuna ng tauhan alinsunod sa Seksyon 9(c) ng Mayo 18, 2021 na Kautusan at hanggang sa panahon na iyon na ang naturang negosyo o entidad ng gobyerno ay nakakumpleto ng dalawang round ng pagtiyak ng pagbabakuna, kung saan ang Mayo 18, 2021 na Kautusan ay hindi na ipapatupad at wala ng bisa sa naturang negosyo at entidad ng gobyerno.

- b. Bawat negosyo at entidad ng gobyerno (tulad ng tinukoy sa Mayo 18, 2021 na Kautusan) ay dapat magpanatili ng naaangkop na mga rekord upang ipakita ang pagkumpleto ng dalawang round ng pagtiyak ng pagbabakuna alinsunod sa Seksyon 9(c) ng Mayo 18, 2021 na Kautusan sa tagal ng panahon ng COVID-19 Prevention Emergency Temporary Standards, kabilang kapag sila ay amyendahan o muling gagamitin, na ipinataw ng California Division of Occupational Safety and Health (Cal/OSHA) at tinukoy sa Titulong 8 ng Seksyon 3205 *et seq.* ng mga Regulasyon ng Kodigo ng California.
3. **Obligasyon sa Pagsunod sa mga Kautusan at Regulasyon ng Estado.** Sa kalinawan, lahat ng indibidwal at entidad ay dapat magpatuloy sa pagsunod sa mga kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan ng Estado, sa anumang mahigpit na ipinapatupad na patnubay na inilabas ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ng California, sa anumang mahigpit na ipinapatupad na kautusan ng Gobernador o ahensiya ng Estado (tulad ng Cal/OSHA), o sa anumang mahigpit na ipinapatupad na probisyon ng batas ng Estado.
4. **Ang Pagpapabakuna Ay ang Pinakamahasay na Paraan upang Mabawasan ang Panganib.** Ang pagpapabakuna laban sa COVID-19 ay ang pinakamahasay na paraan upang maprotektahan ang nabakunahang tao mula sa impeksyon, pagpapaospital, o pagkamatay sa COVID-19, pati na rin upang maiwasan ang pinsala sa iba sa pagbawas ng panganib ng pagkalat ng COVID-19. Samakatuwid, lahat ng kwalipikadong tao ay mariing hinihikayat na magpapabakuna laban sa COVID-19 sa lalong madaling panahon.
5. **Mga rekomendasyon mula sa Opisyal ng Pangkalusugan.** Ang Opisyal ng Pangkalusugan ay naghihikayat sa lahat ng mga negosyo at entidad ng gobyerno na sumunod sa mga rekomendasyon na nakasaad sa ibaba:
  - a. Ang mga negosyo at entidad ng gobyerno ay dapat mariing naghihikayat sa lahat ng tauhan na ganap na magpapabakuna sa lalong madaling panahon, at dapat regular na maghihiling ng na-update na impormasyon ng katayuan ng pagbabakuna mula sa mga tauhan na hindi pa ganap na nabakunahan.
  - b. Ang mga negosyo at entidad ng gobyerno ay dapat magsaalang-alang sa paglipat ng mga operasyon at aktibidad sa labas, kung saan mayroong mas kaunting panganib ng pagkalat ng COVID-19, lalo na ang mga operasyon at aktibidad na kinasasangkutan ng mga kostumer na malamang hindi pa nabakunahan.
  - c. Ang mga negosyo at entidad ng gobyerno ay dapat magbawal sa lahat ng tauhan na hindi pa ganap na nabakunahan na gumawa ng anumang mga pagbiyahe na nauugnay sa trabaho patungo sa mga lugar na may mga matataas na bilang ng COVID-19, na may laganap na pagkalat ng mga inaalalang variant, o kung saan ang mga bilang ng pagbabakuna sa komunidad ay mababa sa average ng rehiyon ng Bay Area.

Kautusan sa Pagtanggap ng Mayo 18, 2021 na Kautusan sa Pangkalusugan  
Dahil sa Laganap na Pagbabakuna sa Komunidad  
(Inilabas Hunyo 21, 2021)

- d. Ang mga negosyo at entidad ng gobyerno ay dapat mangailangan sa lahat ng tauhan na hindi pa ganap na nabakunahan na kumuha ng regular na pagsusuri para sa COVID-19 alinsunod sa mga kasalukuyang rekomendasyon ng lokal, estado, at pederal. Sinumang tao, nabakunahan o hindi nabakunahan, na mayroong mga sintomas ng COVID-19 ay dapat magpasuri kaagad sa pamamagitan ng isang PCR na pagsusuri.
  
6. Ang Mayo 13, 2020 na Kautusan ng Opisyal ng Pangkalusugan na Nag-uutos sa mga Ospital at mga Pasilidad ng Skilled Nursing na Magsiwalat ng mga Imbentaryo ng Personal na Kagamitang Pangproteksyon ay kinakansela. Sa kalinawan, iba pang mga Kautusan sa Pangkalusugan sa COVID-19 na kasalukuyang may bisa ay hindi kinansela o binago ng Kautusang ito.
  
7. Ang Kautusang ito ay epektibo simula 12:01 pm ng Hunyo 21, 2021. Ang Kautusang ito ay magpapatuloy na may bisa hangga't ito ay kanselahin, mapalitan, o mabago sa pagsulat ng Opisyal ng Pangkalusugan.
  
8. Ang mga kopya ng Kautusang ito ay dapat kaagad na: (1) magagamit sa County Government Center sa 70 W. Hedding Street, San José, California; (2) mai-post sa COVID-19 website ng Departamento ng Pampublikong Pangkalusugan ([covid19.sccgov.org](https://www.covid19.sccgov.org)); at (3) maibigay sa sinumang miyembro ng publiko na humihiling ng isang kopya ng Kautusang ito.
  
9. Severability. Kung mapawalang bisa ang anumang probisyon ng Kautusang ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari, ang natitirang Kautusan, kasama ang aplikasyon ng naturang bahagi o probisyon sa ibang mga tao o pangyayari, ay hindi maaapektuhan at magpapatuloy na may bisa. Hanggang dito, ang mga probisyon ng Kautusang ito ay maaaring maihiwalay.

**ITO AY INIUTOS:**

\_\_\_\_\_  
Sara H. Cody, M.D.  
Opisyal ng Pangkalusugan ng County ng Santa Clara

Petsa: \_\_\_\_\_

Inaprubahan bilang anyo at legalidad:

\_\_\_\_\_  
James R. Williams  
Abugadong Tagapayo ng County

Petsa: \_\_\_\_\_

Kautusan sa Pagtanggap ng Mayo 18, 2021 na Kautusan sa Pangkalusugan  
Dahil sa Laganap na Pagbabakuna sa Komunidad  
(Inilabas Hunyo 21, 2021)